BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang mga Salitang Magkasingkahulugan

Ang mga **salitang magkasingkahulugan** ay mga salitang magkapareho o magkatulad ang ibig sabihin. Nagkakaroon ng ibang kasingkahulugan ang isang salita dahil ang isang bagay ay maaaring may katangiang may pagkakatulad o pagkakahawig sa bagay na ikinukumpara. Ginagamit ang ibang kahulugan ng isang salita para malimitahan ang katangian ng isang bagay pero hindi lumalayo kung ano ang gustong tukuyin o sabihin.

Halimbawa, ang salitang dambuhala ay nangangahulugang malaki o kaya ay higante. Ang mga salitang ito ay magkakasingkahulugan. Ang mga salitang ito

ay maaaring gamitin sa ibat-ibang pangungusap ayon sa kung ano ang gusto mong tukuyin.

Halimbawa:

1. dambuhala : higante
2. maliit : munti
3. talon : lundag
4. hulog : laglag
5. ama : tatay
6. patungo : papunta
7. pino : maliliit
8. tingnan : sulyapan
9. awit : kanta
10. umatras : umurong